4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 4**
**Kwarter 4: Aralin 4 (Linggo 4)**
**TP 2024-2025**

Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Melvin C. Ubaldo (Pedro Guevarra Memorial National High School)

**Tagasuri:**

- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University –Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN /KUWARTER 4/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga sagisag ng pagka-Pilipino, karapatan, at tungkulin tungo sa pagbuo ng pagkakakilanlan at kagalingang pansibiko |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapaglulunsad ng mga gawaing kumikilala at nagsusulong sa karapatan, tungkulin, at pagkakakilanlang Pilipino |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | 1. Natatalakay ang mga karapatan at tungkulin ng isang mamamayan.<br>2. Naipapaliwanag ang karapatang sibil.<br>3. Natutukoy ang mga kaakibat na tungkulin ng isang mamamayan. |
| **D. Nilalaman** | Karapatang Sibil at Mga Kaakibat na Tungkulin |
| **E. Integrasyon** | Sustainable Development Goals 4 (SDGs) Quality Education for All<br>Convention on the Rights of the Child (CRC)<br>Pagkamamamayan at pagkakakilanlan<br>Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


Adriano et al., (2015). Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral. Department of Education-Intructional Materials Council

Belarde et al., (2019). Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo. Ikaapat na Baitang. Batallan at Sanayang Aklat sa Araling Education, DepEd Complex, Pasig City.

Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan. (2016). Department of Education, DepEd Complex, Pasig City.

Matatag K to 10 Curriculum of the K to 12 Program: Araling Panlipunan Grades 4 and 7. (2023) Department of

Panlipunan. Rex Book Store. Secretariat (DepEd-IMCS).

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>

**UNANG ARAW**

1. **Maikling Balik-aral**


**SCAN ME!**<br>
I-scan ang QR Code upang ma-access ang *music video* na “Bawat Bata” ng Apo Hiking Society.

Matapos mapanuod ng mga mag-aaral ang *music video* ay sagutan ang mga tanong:

1. Ano ang diwa na nais ipaunawa ng awit?
2. Batay sa awit, ano ang mga karapatan ng isang bata?
3. Paano dapat pangalagaan ang karapatan ng bawat bata?

***Inter-Picture***<br>
**Panuto:** Suriin ang mga larawan at sagutin ang mga gabay na tanong.






**Mga Gabay na Tanong:**


1. Ano ang nais ipahiwatig ng mga sumusunod na larawan?

</td><td>

Maaaring mamimili ang guro sa dalawang pamamaraan sa pagbabalik-aral.

Maari ring i-download na ng guro ang music video ng awit na “Bawat Bata” ng Apo Hiking Society. Mainam rin ang version na ginawa ng Sugarfree.

</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Bakit mahalaga na mabatid ng isang batang tulad mo ang mga karapatan at tungkulin bilang isang mamamayan?<br>3. Paano mo isinasagawa ang iyong mga karapatan at tungkulin?<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)**<br>Lagyan ng marka ang kasanayang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin:<br> Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.<br> Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.<br><br>Karapatan at Tungkulin ng Mamamayang Pilipino<br>• Uri ng Karapatan | Maaaring mag-print ang guro ng dalawang *emoji* na nakadikit sa isang *bamboo stick* at ipamamahagi nya ito sa mga bata. Tanungin ng guro kung ano ang kanilang marka sa kanilang natutuhan sa nakalipas na aralin. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **IKALAWANG ARAW**<br>**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Kuwento Mo Yan Eh!**<br>**Panuto:** Pag-ugnayin ang mga larawan upang makabuo ng kuwento.<br><br>Mula sa: http://tinyurl.com/9eacbt4p<br> | Gamit ang mga larawan ay pag-ugnayin ng mga mag-aaral ang mga ito upang makabuo ng kuwento tungkol sa mga karapatang sibil ng isang mamamayan. |



Mula sa: http://tinyurl.com/yze8nsx8





Mula sa: http://tinyurl.com/9sm5few6







Mula sa: http://tinyurl.com/yps829dr

2. **Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

   ***Word Anagrams***
   **Panuto:** Mula sa salitang MAMAMAYAN, KARAPATANG SIBIL, at TUNGKULIN ay bubuo ang mga mag-aaral ng iba pang salita mula rito.




Maaaring gawing pangkatan ang gawain para magkaroon ng kolaborasyon ang klase. Mahalaga na may pamprosesong tanong matapos ang gawain.


| | | |
|---|---|---|
| | **Mga Gabay na Tanong:**<br>1. Ano ang inyong napansin sa mga salita na nabuo mula sa ating paksa?<br>2. Ano ang kahulugan ng mga salitang nabuo?<br>3. May mga salita ba na magkakaugnay? | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Karapatang Sibil at Mga Kaakibat na Tungkulin**<br>**Panghikayat na Gawain**<br>***Pass the Ball***<br>**Panuto:** May bola na kailangan ipasa ng buong klase habang may *background music*. Kung kanino mapatapat ang bola pagtigil ng tugtog ay kailangan sagutin ang tanong. Kung sakali na hindi maibigay ang tamang sagot ay kailangan gawin ng mag-aaral ang *dare*.<br>**Mga Gabay na Tanong:**<br>1. Ito ay mga karapatang nakapaloob sa Saligang Batas ng Pilipinas na maaaring baguhin, dagdagan, o tanggalin sa pamamagitan ng pagsusog dito.<br>2. Nakasaad dito ang kalipunan ng mga karapatan ng mga mamamayang Pilipino.<br>3. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na karapatang *absolute*?<br>A. Karapatang mabuhay<br>B. Karapatan sa buhay probado<br>C. Karapatang gumalaw nang malaya<br>4. Kategorya ng karapatan na kinabibilangan ng karapatang bumoto.<br>5. Isa-isahin ang mga uri ng karapatan.<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>***Wordle***<br>**Panuto:** Magbibigay ang guro ng salita na nakalagay sa mga kahon na may iba't ibang kulay.<br>*Green* – pag nakalagay sa *green* na kahon, ibig sabihin tama ang ayos ng titik | **Mga pangangailangan:**<br>1. Bola<br>2. Speaker<br>3. MP3 ng tiktok songs<br>4. Task cards<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. Constitutional Rights<br>2. Artikulo III, Sek. 1-22<br>3. A.<br>4. Karapatang sibil<br>5. Likas sa bawat tao (*natural*), ayon sa batas (*constitutional*), at ayon sa nilikhang batas (*statutory*)<br><br>**Mga Pangangailangan:**<br>1. Construction paper<br>2. Gunting<br>3. Double adhesive tape |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

*Orange* – pag nakalagay sa *orange* na kahon, ibig sabihin ay kasama ang titik sa salitang hinahanap ngunit hindi tama ang posisyon nito.<br>
*Gray* – pag nakalagay sa *gray* na kahon ay hindi kasama ang titik sa salitang hinahanap.




**Tanong:**




Ang karapatang sibil ay nauukol sa pagtatamasa ng mga mamamayan ng kapayapaan at kaligayahan sa buhay.

*Halimbawa:*

1. Karapatang mabuhay
2. Karapatang hindi mabilanggo dahil sa pagkakautang
3. Magkaroon ng tirahan at ari-arian
4. Magkaroon ng pantay na proteksiyon ng batas
5. Karapatan sa hindi makatwirang pagdakip at paghahalughog

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Subukan Mo**<br>
**Panuto:** Tukuyin kung karapatang sibil ang inilalarawan ng mga pahayag. Isulat ang BET kung karapatang sibil at EME kung hindi. Isulat ang sagot sa inyong kwaderno o notebook.

</td>
<td>

**Mga Tamang Sagot:**

Karapatang Sibil

**Mga Tamang Sgot:**

1. Bet
2. Eme
3. Bet
4. Eme

</td>
</tr>
</table>

1. Magsalita at ipahayag ang sarili
2. Makaboto at maiboto sa halalan
3. Karapatang mabuhay
4. Pumili ng propesyon at hanapbuhay
5. Pumili ng relihiyon
6. Magkaroon ng tirahan at ari-arian
7. Gumanap ng tungkuling pampubliko
8. Magkaroon ng mabilis na paglilitis
9. Magpetisyon
10. Proteksyon laban sa sapilitang paglilingkod

5. Eme
6. Bet
7. Eme
8. Bet
9. Eme
10. Bet

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

***Everybody Sing!***

**Panuto:** Gumawa ng isang *jingle* na may mensahe ukol sa karapatang pantao. Gamitin ang rubrik bilang pamantayan sa pagmamarka.

| Pamantayan | Natatangi (4) | Mahusay (3) | Katamtaman (2) | Nangangailangan ng ibayong pagsasanay (1) |
|---|---|---|---|---|
| Kaangkupan | Lubos na angkop ang temang ginamit sa *output* | May kaangkupan ang tema | Hindi masyadong angkop ang tema | Hindi angkop ang tema |
| Mensahe | Malinaw at tukoy ang mensahe sa output | Malinaw ang mensahe sa output | Hindi gaanong malinaw ang mensahe sa output | Hindi malinaw ang mensahe sa output |
| Pokus | Nakapokus sa paksa ang nilalaman | Nakapokus sa paksa ang karamihan ng nilalaman | Nakapokus sa paksa ang iilan sa nilalaman | Hindi nakapokus ang paksa sa nilalman |

**Kaugnay na Paksa 2: Ang mga Karapatang Sibil at Tungkulin ng isang Mamamayan**

**Panghikayat na Gawain**

***Snap, Clap, Boom!***

**Panuto:** Kailangan humanap ng partner ang bawat mag-aaral. Sa hudyat ng guro ay kanilang gagawin ang “Snap”, “Clap”, at kung “Boom” ay mag-uunahan silang kuhanin ang *task card* na nasa kanilang harapan. Kung sino ang makakuha ng *task card* ang may pagkakataon na sagutin ang tanong at magkaroon ng karagdagang puntos para sa *quiz* sa katapusan ng talakayan.




**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

***Graphics Connection***

**Panuto:** Suriin ang mga karapatan na ipinapakita sa graphics, at sabihin kung ano ang kaakibat na tungkulin ng mga ito.


Mula sa: https://canva.com/design

1. Kalayaan na magsalita at magtipon-tipon


Mula sa: https://canva.com/design

2. Karapatan sa malinis na kapaligiran

**Mga pangangailangan:**

1. *Speaker*
2. *MP3 music*
3. *Task card*

Maaaring ulitin o ilang beses sabihin ng guro ang snap at clap bago tuluyang sabihin ang boom. Maging *creative* rin ang guro sa pamamagitan ng pagbibigay ng *sticker* o kaya ay *emojis* sa mga mag-aaral na makakasagot ng tanong.

Ang bawat mamamayan ay may karapatang pinangangalagaan ng estado at ginagarantiya ng saling batas. Mahalaga na maunawaan na ang mga karapatang ito ay hindi absolute kaya may kaakibat ito na tungkulin.



Mula sa: https://canva.com/design

3. Karapatan na maglaro at maglibang.



Mula sa: https://canva.com/design

4. Karapatan na pumili ng relihiyon



Mula sa: https://canva.com/design

5. Karapatan na mag-aral.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Bagay Tayo**

**Panuto:** Basahin ang Hanay A ukol sa mga TUNGKULIN at piliin ang kaakibat na KARAPATAN sa HANAY B. Isulat ang sagot sa inyong kwaderno o notebook.

| **Hanay A Tungkulin** | **Hanay B Karapatan** |
| --- | --- |
| **1.** Magtrabaho upang kumita para sa pangangailangan | A. Malayang makapaglibang |
| **2.** Gampanan nang buong tapat at husay ang napiling propesyon upang umunlad ang buhay | B. Bumoto sa ayon tamang gulang |

**Mga Tamang Sagot:**

1. H
2. G
3. F
4. E
5. D
6. C
7. B

3. Maging mabuti at mapanagutang kasapi
4. Magpahayag ng katotohanan
5. Mapangalagaan ang mga pribadong ari-arian
6. Igalang ang pananampalataya ng iba
7. Ihalal ang mga taong may kakayahan, talino, at karanasan sa posisyon sa pamahalaan

C. Pumili ng sariling relihiyon
D. Magkaroon ng ari-arian
E. Malayang pagpapahayag
F. Bumuo o sumapi sa samahan
G. Pumili ng propesyon o hanapbuhay
H. Magkaroon ng sapat na kita at kabuhayan

**IKAAPAT NA ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Panuto:** Sumulat ng isang journal kung paano natin mapangangalagaan ang ating mga karapatan. Gamitin ang rubrik bilang pamantayan sa pagmamarka.



Mula sa: https://canva.com/design

| Pamantayan | Natatangi (4) | Mahusay (3) | Katamtaman (2) | Nangangailangan ng ibayong pagsasanay (1) |
|---|---|---|---|---|
| Kaangkupan | Lubos na angkop ang temang ginamit sa *output* | May kaangkupan ang tema | Hindi masyadong angkop ang tema | Hindi angkop ang tema |
| Mensahe | Malinaw at tukoy ang | Malinaw ang mensahe sa output | Hindi gaanong malinaw ang | Hindi malinaw ang mensahe sa output |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mensahe sa output | | mensahe sa output | |
| Pokus | Nakapokus sa paksa ang nilalaman | Nakapokus sa paksa ang karamihan ng nilalaman | Nakapokus sa paksa ang iilan sa nilalaman | Hindi nakapokus ang paksa sa nilalman |

**D. Paglalahat**

1. **Pabaong Pagkatuto**

**PHOTO QUOTE**
Panuto: Basahin at pagnilayan.




Mula sa: http://tinyurl.com/26283tms


**Mga Gabay na Tanong:**

1. Naniniwala ka ba na ang lahat ng tao, anoman ang lahi, kulay ng balat, kasarian ay pantay sa karapatan? Bakit oo o bakit hindi?
2. Bilang isang bata, may pagkakataon ba na pakiramdam mo ay hindi kinilala ang iyong karapatan?
3. Magbigay ka ng isang karapatan mo bilang bata at ang kaakibat nitong tungkulin.

2. **Pagninilay at Pagkatuto**

**Writing Roullete**

| | | |
|---|---|---|
| | **Panuto:** Ang bawat isang mag-aaral ay susundan ang prompt sa inihandang kartolina ng guro. Ipapasa nila ito sa kanilang katabi upang matapos at mabuo ang kaisipan.<br><br>Ang karapatan ay<br>________________________________________<br><br>Bawat isang mamamayan ay may tungkulin na<br>________________________________________<br><br>Kaya dapat<br>________________________________________ | **Mga pangangailangan:**<br>1. Kartolina<br>2. Marker |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Panuto:** Piliin ang angkop na tungkulin ng mamamayan na inilalarawan sa bawat pahayag sa pamamagitan ng pagguhit sa katumbas na emoji. Isulat ang sagot sa inyong Aral Pan *notebook*.<br> Pagmamahal sa bayan<br> Paggalang sa karapatan ng iba<br> Pagsunod sa batas<br> Pakikipagtulungan sa pamahalaan<br> Pagtatanggol sa bansa<br>1. Masigasig na nakikilahok si Alex sa *clean up drive* ng kanilang barangay.<br>2. Tumatayo at inaawit ni Juliana ang Lupang Hinirang kahit na siya ay nasa loob ng sinehan. | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. <br>2. <br>3. <br>4. <br>5.  |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">3. Maingat si Aidan sa pakikitungo sa lahat ng tao na kanyang nakakasalamuha.<br>4. Nagbabayad ng tamang buwis si Percival.<br>5. Sinusuportahan ni Leonor ang mga programa ng pamahalaan lalo higit kung ito ay tungkol sa mga kababaihan at bata.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>